
Chapter 1

# Mga Paraan sa Pagpasok sa Bansa at Paninirahan




## 1 Ang Residence Card

Ito ang ID ng mga dayuhang nakatira sa Japan. Nakasulat dito ang mga bagay tungkol sa may-ari ng Residence Card, ang panahong maaari niyang ipanatili sa Japan, ang mga aktibidad na maari niyang gawin sa Japan (visa) at iba pa.




- Dapat laging dala ito ng mga taong 16 taong gulang at higit pa.
- Maaari rin itong gamiting ID para sa mga kailangang lakarin sa ward office, munisipyo o city hall o sa mga kontrata.

### Ang taong iniisyuhan ng Residence Card

Iniisyu ang Residence Card sa isang dayuhang nananatili sa Japan nang mahigit sa 3 buwan. (Tinatawag na mid-to-long-term resident ang taong inisyuhan ng Residence Card.)

### Mga taong hind iisyuhan ng Residence Card:

i. 3 buwan o hindi aabot sa 3 buwan ang panahon ng visa

ii. "Short-term visitor" ang visa

iii. "Diplomat" o "Official Status" ang visa

iv. Miembro ng staff ng Taiwan-Japan Relations Association (Taipei Economic and Cultural Representative Office sa Japan, atbp.) o ng Permanent General Mission of Palestine sa Japan, na may status na "Designated activities", at mga pamilya nila

v. Special permanent resident ang visa

vi. Walang visa

## 1-1 Pag-iisyu ng Residence Card

Iniisyu ang Residence Card sa mga sumusunod na pagkakataon.

**i. Kapag pumasok sa bansa at nakatanggap ng bagong landing permit sa Narita Airport, Haneda Airport, Chubu Airport, Kansai Airport, New Chitose Airport, Hiroshima Airport at Fukuoka Airport**

➡ Mag-iisyu ng Residence Card sa airport

ii. **Kapag tumanggap ng bagong landing permit, (1) kapag pumasok sa bansa mula sa iba pang airport na hindi nabanggit sa itaas, o sa pier**

➡ Pagkatapos pumasok sa Japan, ipaalam ninyo ang adres ninyo. Pagkatapos nito, ipapadala sa inyo ang Residence Card ninyo sa inyong tirahan.

iii. **Kapag may pahintulot i-renew ang panahon ng visa**

➡ Bago mag-expire ang visa ninyo, mag-apply kayo sa regional immigration office (Pakitingnan ang 2-1) para i-extend ito. Kapag nabigyan kayo ng extension, iisyuhan kayo ng bagong Residence Card.

iv. **Kapag may pahintulot na magpalit ng visa**

➡ Kapag gusto ninyong palitan ang visa ninyo sa Japan, mag-apply kayo sa regional immigration office (Pakitingnan ang 2-2). Kapag pinayagan kayong palitan ang visa ninyo, iisyuhan kayo ng bagong Residence Card.

v. **Kapag may pahintulot kayong makakuha ng visa**

➡ Kapag ipinanganak ang isang bata sa Japan na hindi Japanese ang nasyonalidad, at kung gusto niyang manatili sa Japan nang mahigit sa 60 araw pagkatapos ipanganak, kailangan niyang mag-apply sa regional immigration office para magkaroon ng visa (Tingnan ang 2-4), sa loob ng 30 araw pagkatapos ipanganak. Kapag nabigyan siya ng visa, iisyuhan siya ng bagong Residence Card.

## 1-2 Pagrereport ng adres o tirahan (pagrereport ng paglipat ng tirahan)

Sa inisyuhan ng Residence Card, kailangang ireport ang adres o tirahan (pagrereport ng paglipat ng tirahan) ninyo sa loob ng 14 na araw matapos magtiyak ng titirahan (lugar ng lilipatan / adres), sa city hall o ward office kung saan kayo nakatira.

Ang isang Residence Card (sa kaso ng 1-1 i) o pasaporte (sa kaso ng 1-1 ii) ay kinakailangan upang ihain ang nasabing abiso, mangyaring siguraduhing dalhin ang alinman sa mga ito.

Pakitingnan ang Chapter 2-1, 1-1 tungkol sa pagrereport ng adres o tirahan.

## 1-3 Pagkawala ng Residence Card

Kapag nawala ang Residence Card ninyo, mag-apply kayo para mag-isyu ng bago, sa ward office o city hall sa inyong lugar, sa loob ng 14 na araw ng pagkawala nito.

### Mga kailangan sa pag-aapply

- Passport
- Isang retrato (4cm x at 3 cm, na kinuha sa loob ng 6 buwan. Hindi kailangan ang retrato kung wala pang 16 taong gulang.)
- Patunay ng pagkawala ng Residence Card (certificate ng pagrereport ng pagkawala, certificate ng parereport ng pagnanakaw, report ng kalamidad, at iba pa)
- Application form para sa pag-iisyu uli ng Residence Card

Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/nyuukokukanri10_00010.html

## 1-4 Pagsasauli ng Residence Card

Kailangang isauli ang Residence Card sa regional immigration office sa ganitong pagkakataon.

**Simpleng pag-alis ng bansa** (Kapag aalis na, dahil tapos na ang kailangang gawin sa Japan)

- Sa paglabas ninyo ng bansa, pakisauli ninyo ito sa immigration officer sa airport o sa pier.

- Kapag namatay ang kapamilya ninyo o kasama sa bahay
- Kapag nakakuha kayo ng special reentry permit at lumabas kayo ng bansa at hindi bumalik sa panahong nakatakda sa special reentry permit ninyo
- Kapag nakakuha kayo ng Japanese nationality



Pakisauli ninyo ang Residence Card ninyo sa loob ng 14 na araw, sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan.

- Dalhin ninyo ito sa pinakamalapit na local immigration office.
- Ipadala ninyo ito sa pamamagitan ng post office sa adres na ito:

Online na Departamento ng Inspeksyon Odaiba Satellite Office
Tokyo Regional Immigration Services Bureau Port of Tokyo Joint Government Building 9th flr
2-7-11 Aomi, Koto-ku, Tokyo
〒135-0064
(Pakisulat ninyo sa harap ng envelope "Pagsasauli ng Residence Card").

**Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:**

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/nyuukokukanri10_00020.html

# 2 Mga Paraan Tungkol sa Visa

## 2-1 Pag-eextend ng visa (kapag gustong magpa-extend ng visa)

Kapag lumampas na ang panahon ng visa ninyo at gusto pa ninyong magpatuloy na tumira sa Japan, kailangan ninyong mag-apply sa regional immigration office para i-extend ito.



### Mga kailangan sa pag-aapply

- Passport
- Residence Card (kapag inisyu na ito sa inyo)
- Isang retrato (4cm X 3 cm, na kinuha sa loob ng 6 buwan. Hindi kailangan ang retrato kung wala pang 16 taong gulang.)
- Application form para sa pag-eextend ng visa
  https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-3-1.html
- Mga dokumentong nagpapatunay ng nakaplanong aktibidad
  https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-3.html

## 2-2 Pagpapalit ng visa (kapag magpapalit ng visa sa Japan)

Kapag nais palitan ang layunin ng visa sa Japan, kailangan ninyong mag-
apply sa regional immigration office para dito.



### Mga kailangan sa pag-aapply

- Passport
- Residence Card (kapag inisyu na ito sa inyo)
- Isang retrato (4 cm x 3 cm, na kinuha sa loob ng 6 buwan. Hindi kailangan ang retrato kung wala pang 16 taon ang edad.)
- Application form para sa pagre-renew ng visa
  https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-2-1.html
- Mga dokumentong nagpapatunay ng nakaplanong aktibidad
  https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-2.html

○Hanapin ng naaayon sa katayuan ng paninirahan○
https://www.moj.go.jp/isa/applications/status/index.html

## 2-3 Pahintulot para sa permanent visa

Kung gusto ninyong magkaroon ng permanent visa, kailangang mag-apply kayo para makakuha nito. Kapag may permanent visa kayo, walang limit ang aktibidad ninyo sa Japan at ang panahon ng pagtigil dito, at hindi na rin kailangang magpa-extend at mag-renew ng visa.

### Mga kailangan sa pag-aapply

- Passport
- Residence Card
- Isang retrato (4 cm x 3 cm , na kinuha sa loob ng 6 buwan. Hindi kailangan ang retrato kung wala pang 16 taon ang edad.)
- Application form para sa permanent visa
- Iba pang kailangang dokumento

Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-4.html

## 2-4 Pagkuha ng visa (kapag ipinanganak ang bata sa Japan)

Kapag ipinanganak sa Japan ang isang batang hindi Japanese ang nasyonalidad, at kung gusto niyang manatili sa Japan nang mahigit sa 60 araw pagkatapos ipanganak, kailangang mag-apply sa regional immigration office sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng kapanganakan para magkaroon ng visa.

* Dahil kailangan ang dokumentong (certificate ng mga nakasulat na impormasyon sa birth registration) ipapaliwanag sa ibaba, i-register muna ninyo ang pagkakapanganak ng bata sa ward office sa inyong lugar, at pagkatapos, lakarin ninyo ang pag-aapply sa visa ng bata sa local immigration office.

Pakitingnan ang tungkol sa birth certificate Chapter 4-2, 2- 1

### Mga kailangan sa pag-aapply

- Passport (Kapag inisyu na ito sa inyo)
- Application form para sa visa
- Certificate ng mga nakasulat na impormasyon sa birth registration (Puwede itong kunin sa ward office) at iba pang nagpapatunay ng kapanganakan ng bata
- Mga dokumentong nagpapatunay ng nakaplanong aktibidad
  https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-10.html
- Copy ng resident card o Certificate of Items Stated in Resident Register (Puwede itong kunin sa ward office.)

## 2-5 Pagkuha ng pahintulot na gumawa ng ibang gawaing hindi pinapayagan sa hawak na visa

Kung gusto ninyong magkaroon ng kita sa pamamagitan ng paggawa ng trabahong hindi pinapayagan sa hawak ninyong visa o kung hindi kayo puedeng magtrabaho, kailangan ninyong mag-apply sa regional immigration office para makakuha ng pahintulot na gumawa ng ibang gawaing hindi pinapayagan sa hawak ninyong visa. (Pakitsek sa Chapter 3-1, 1-1 kung ano ang puwede ninyong maging trabaho.).

**Mga kailangan sa pag-aapply**






- Passport
- Residence Card
- Application form para humingi ng pahintulot na gumawa ng gawaing hindi saklaw sa visa ninyo
- Mga dokumentong nagpapatunay na nagtatrabaho kayo at tumatanggap ng suweldo o bayad

**Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:**

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-8.html

## 2-6 Pagrereport sa regional immigration office

Para sa mga may Residence Card at sa mga may visa na nabanggit sa ibaba, kung may pagbabago sa inyong pinagtatrabahuhan, kailangan ninyong ireport sa regional immigration office ang tungkol dito.

### (1) Pagrereport tungkol sa organisasyon

| | |
|---|---|
| **Visa na kailangang ireport** | Propesor, Highly skilled professional (i)(c), Highly skilled professional (ii) (limitado sa mga gumagawa ng aktibidad na nakalista sa (ii)(c)), Management, Administration, Legal services, Accounting, Medical services, Edukasyon, Inter-company transfer, Technical training, Foreign student, Trainee |
| **Mga kailangang ireport** | • Kapag nagpalit ng pangalan ang organisasyon o pinagtatrabahuhan<br>• Kapag nagpalit ng adres ang organisasyon o pinagtatrabahuhan<br>• Kapag wala na ang organisasyon o pinagtatrabahuhan<br>• Kapag umalis kayo sa pinagtatrabahuhan ninyo<br>• Kapag lumipat kayo ng pinagtatrabahuhan ninyo |
| **Panahon ng pagrereport** | Isabmit ninyo ang report sa loob ng 14 na araw. |

**Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:**

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/nyuukokukanri10_00014.html

## (2) Pagrereport tungkol sa contracting agency

| | |
|---|---|
| **Visa na kailangang ireport** | Highly skilled professional (i)(b), Highly skilled professional (ii) (o gumagawa ng aktibidad sa (ii)(a) o (b)), Researcher, Engineer, Specialist in Humanities, International business, Caregiver, Entertainer (limitado sa paggawa ng mga aktibidad batay sa kontrata sa publiko o pribadong organisasyon sa Japan), Technician, Skilled worker |
| **Mga kailangang ireport** | • Kapag nagbago ang pangalan ng contracting agency<br>• Kapag nagbago ang adres ng contracting agency<br>• Kapag wala na ang contracting agency<br>• Kapag natapos na ang kontrata ninyo sa contracting agency<br>• Kapag may bago kayong kontrata sa contracting agency |
| **Panahon ng pagrereport** | Isabmit ninyo ang report sa loob ng 14 na araw. |

**Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:**
https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/nyuukokukanri10_00015.html

## (3) Pagrereport tungkol sa asawa

| | |
|---|---|
| **Visa na kailangang ireport** | Dependent, Asawa ng Hapon, Asawa ng permanent resident |
| **Mga kailangang ireport** | • Pakikipagdiborsiyo sa asawa<br>• Pagkamatay ng asawa |
| **Panahon ng pagrereport** | Isabmit ninyo ang report sa loob ng 14 na araw. |

**Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:**
https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/nyuukokukanri10_00016.html

Maliban sa pagpapadala gamit ang postal ay maaari din na gamitin ang internet at ireport ang mga ito online.

**Para sa mga detalye sa e-notification, pakitsek ang homepage na ito**
https://www.moj.go.jp/isa/publications/materials/i-ens_index.html

Karagdagang Impormasyon:

### Preferential treatment para sa highly-skilled foreign professionals

Ang mga dayuhang may advanced na kakayahan at qualification ay inaasahang makakapag-ambag sa paglago ng ekonomiya ng Japan. Kaya binibigyan sila ng preferential treatment na may kinalaman sa mga puwede nilang gawin at sa panahong puwede nilang itigil sa Japan.

Isang sistema ito na nagbibigay ng puntos sa mga dayuhan, batay sa kanilang "edukasyon", "karanasan sa trabaho", "taunang kita" at iba pa, depende sa katangian ng bawat isa. Mag-apply sa regional immigration office, at kapag umabot sa 70 puntos ang lahat ng ito, maaaring kilalanin bilang "highly skilled foreign professionals" ang isang dayuhan at puwede siyang bigyan ng preferential treatment, tulad ng mga sumusunod:

- Papayagan siyang gumawa ng maraming klaseng aktibidad para sa iba-ibang estado ng paninirahan
- Bibigyan siya ng "limang taon" para tumigil sa Japan
- Sa mga kinakailangan para sa pahintulot ng permanenteng paninirahan, mapapadali ang mga kinakailangang may kaugnayan sa kasaysayan ng pananatili atbp.

Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:

https://www.moj.go.jp/isa/publications/materials/newimmiact_3_index.html

May bagong sistemang tinatawag na "Japan System for Special Highly-Skilled Professionals" (J-Skip) na ipinakilala noong Abril, 2023. Kung makakatugon ang mga aplikante sa mga partikular na rekisitong pang-akademiko, rekisito sa propesyonal na pagtatrabaho, at lumalampas sa partikular na taunang kita, ituturing silang mga "Special Highly-Skilled Professional" at kuwalipikado para sa karagdagang paggagamot ayon sa kagustuhan. Isa itong hiwalay na sistema mula sa nakabatay sa puntos na highly-skilled foreign professional system sa itaas.

Tingnan ang sumusunod na URL para sa mga detalye:

https://www.moj.go.jp/isa/publications/materials/nyuukokukanri01_00009.html

# 3 Pahintulot Para sa Reentry (Katayuan ng Paninirahan)

Ayon sa reentry system, kapag lumabas ng Japan ang isang dayuhan, puwede siyang bumalik, sa loob ng panahong pinapayagan sa visa niya, para manatili ang kasalukuyan niyang status.

## (1) Special reentry permit (kung babalik sa Japan sa loob ng isang taon)

Hindi kailangang kumuha ng reentry permit ang isang dayuhang may Residence Card at may valid na passport na lumabas ng Japan at babalik sa loob ng isang taon (kapag valid pa ang visa niya sa pagbabalik niya).

### (2) Reentry permit (kung wala sa Japan nang higit sa isang taon)

Mag-apply kayo ng reentry permit bago umalis ng bansa sa pinakamalapit na regional immigration office, at kapag nabigyan kayo ng reentry permit, puwede kayong makabalik sa kasalukuyan ninyong visa at sa period of stay ninyo (pinakamatagal ang 5 taon o hanggang sa mapaso ang visa ninyo).

Pakitsek ang detalye sa homepage sa ito:
https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-5.html

## 4 Paraan Para Kilalanin Bilang Refugee

Bilang miembro ng Refugee Convention (ang Convention tungkol sa Status ng mga Refugee at ang Protocol sa Status ng mga Refugee), kinikilala ng Japan ang status na refugee ayon sa tinutukoy sa Convention, kinikilala namin ang katayuan ng refugee gaya ng tinukoy sa ilalim ng mga kasunduan na ito at nag-aalok ng iba't ibang proteksyon sa mga refugee.

### 4-1 Ano ang "Refugee"

Ayon sa probisyon ng Article 1 ng Convention tungkol sa Status ng mga Refugee o Article 1 ng Protocol sa Status ng mga Refugee, tinutukoy ang refugee bilang sumusunod:

- Isang tao, na dahil sa may dahilang matakot na i-persecute siya dahil sa lahi, relihiyon, nasyonalidad o pagiging miembro ng isang partikular na social group o political opinion, at nasa labas siya ng bansa kung saan siya mamamayan at hindi siya puwedeng protektahan, o dahil sa takot, hindi niya gustong protektahan siya ng bansang iyon, atbp.

### 4-2 Tungkol sa pag-aapply bilang refugee

- Ang application para kilalaning refugee ay isang sistema para sa mga dayuhang tumakas mula sa kanilang bansa (Tingnan ang 4 – 1) at pumunta rito sa Japan at humihingi ng proteksiyon ng Japan. Puedeng mag-apply bilang refugee ang isang dayuhang nakatira sa Japan. Iniisyuhan ang isang dayuhang kinilalang refugee ng Certificate of Refugee Recognition at binibigyan siya ng visa bilang "long-term resident".
- Makakatanggap ng refugee travel document ang isang dayuhang kinilalang refugee, ayon sa kanyang application, bilang travel document na kapalit ng kanyang passport.
- Makakatanggap ang dayuhang kinilalang refugee at ang pamilya niya ng mga benepisyo mula sa "Settlement Support Program" tulad ng pag-aaral ng wikang Hapon, guidance tungkol sa pamumuhay sa Japan, placement sa trabaho at iba pa.

**Tingnan ang sumusunod na URL para sa mga detalye:**

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/nanmin_tetuduki_00001.html

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-6.html

## 4-3 Paghiling ng administrative review

Puedeng humiling ng administrative review sa Minister of Justice ang isang dayuhang hindi pa kinikilalang refugee at may reklamo siya.

Kung magdedesisyon ang Minister of Justice tungkol sa hiling na ito, inaaasahang makikinig siya sa mga opinyon ng Refugee Examination Counselors na may kaalaman tungkol sa batas at international affairs.

**Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:**

https://www.moj.go.jp/isa/applications/guide/nanmin_tetuduki.html

Chapter 1
Chapter 2
Chapter 3
Chapter 4
Chapter 5
Chapter 6
Chapter 7
Chapter 8
Chapter 9
Chapter 10
Chapter 11
Chapter 12

# 5 Paraan ng Deportasyon at Iba Pa

## 5-1 Pangunahing dahilan ng deportasyon

- Kapag nanatili kayo sa Japan kung tapos na ang panahon ng inyong visa (kahit lumampas lang ng isang araw ang pagtigil sa Japan, maaring ideport ang isang dayuhan, kaya kailangang mag-ingat kayo.)
- Kapag hindi kayo kumuha ng pahintulot na gumawa ng aktibidad na hindi sakop ng visa ninyo, at gumawa kayo ng ganoong aktibidad at tumanggap kayo ng suweldo o bayad
- Kapag tumanggap kayo ng parusa bilang kriminal

## 5-2 Kung idineport na

Pagkatapos ng imbestigasyong ginawa ng regional immigration office at bilang patakaran, hindi makakapasok sa Japan ng lima hanggang sampung taon ang isang dayuhang idineport. At kung tumanggap siya ng parusa bilang kriminal at idineport na, bilang patakaran, hindi na siya makakapasok sa Japan.

## 5-3 Departure Order System

Sa ilalim ng sistemang ito, kapag nasunod lahat ng kinakailangang nakasulat sa ibaba, puwedeng lumabas ng Japan ang isang nag-overstay na hindi siya ikukulong.

Kapag lumabas ng Japan ang isang dayuhan ayon sa Departure Order System, bilang patakaran, hindi siya puwedeng pumasok sa Japan ng isang taon.

### Mga kinakailangan para sa Departure Order System

Kailangang matupad ang mga sumusunod para maisaganap ang Departure Order System.

- Kailangang pumunta siya nang kusa sa immigration office na may hangad na umalis ng Japan
- Hindi siya idedeport sa ibang dahilan, maliban sa pag-overstay lang
- Hindi siya binigyan ng parusang pagkabilanggong may kasamang
- pagtatrabaho dahil sa pagnanakaw o iba pang krimen
- Hindi siya idineport mula sa Japan noon
- Hindi siya lumabas ng Japan pagkatapos niyang mabigyan ng departure order
- Kapag siguradong aalis agad sya ng Japan



## 5-4 Espesyal na pahintulot sa pagtira sa Japan (Special Permission to stay in Japan)

Kahit ginawa na ang proseso para sa pagdedeport, puedeng bigyan ng Minister of Justice ng Special Permission to stay in Japan ang isang dayuhang idedeport na, batay sa tagal ng pagtira niya sa Japan, sa sitwasyon ng pamilya niya at iba pa.

# 6 Contact Information Para sa Paraan sa Immigration, Visa at Iba Pa

## Mga Regional Immigration Office

| | | |
|---|---|---|
| Sapporo Regional Office of Immigration and Residence Control | 12-chome Odori-nishi Chuo-ku Sapporo shi Hokkaido 〒060-0042 | 0570-003-259 (IP/ from overseas) TEL 011-211-5701 |
| Sendai Regional Office of Immigration and Residence Control | 1-3-20 Gorin Miyagino-ku Sendai-shi Miyagi 〒983-0842 | TEL 022-256-6076 |
| Tokyo Regional Office of Immigration and Residence Control | 5-5-30 Konan Minato-ku Tokyo 〒108-8255 | TEL 0570-034-259 (IP/from overseas 03-5796-7234) |
| Tokyo Regional Office of Immigration and Residence Control Yotsuya Branch | 14F Yotsuya Tower 1-6-1 Yotsuya Shinjyuku-ku Tokyo 〒160-0004 | TEL 0570-011-000 (8) (IP/from overseas 03-5363-3013) |
| | Status of Residence Registration Office: Pagrereport tungkol sa kinabibilangang ahensya atbp./Pagrereport ng kibabibilangang ahensya | TEL 03-5363-3032 |
| | Online Inspection Department: Residence Online Application | TEL 03-5363-3030 |
| | Information Control Department: Pangangasiwa ng mga record ng pagsusuri | TEL 03-5363-3039 |
| Narita Airport Branch | Management and Inspection Division Narita International Airport Second Terminal bldg.6th floor 1-1 Aza-Furugome, Furugome Narita-shi Chiba 〒282-0004 (Management and Inspection Division) | TEL 0476-34-2222 (main number) TEL 0476-34-2211 |
| Haneda Airport Branch | 2-6-4 CIQ bldg. Haneda Airport Ota-ku Tokyo 〒144-0041 | TEL 03-5708-3202 (main number) |
| Yokohama Branch | 10-7 Torihama-cho, Kanazawa-ku, Yokohama-shi Kanagawa 〒236-0002 | TEL0570-045259 (IP/from overseas 045-769-1729) |
| Nagoya Regional Office of Immigration and Residence Control | 5-18 Shoho-cho, Minato-ku, Nagoya-shi, Aichi 〒455-8601 | 0570-052-259 (IP/ from overseas) TEL 052-217-8944 |
| Chubu Airport Branch | 1-1 CIQ bldg.3rd floor floor CENTRAIR Tokoname-shi, Aichi 〒479-0881 | TEL 0569-38-7410 (main number) |
| Osaka Regional Office of Immigration and Residence Control | 1-29-53 Minami-kohoku, Suminoe-ku, Osaka-shi, Osaka 〒559-0034 | 0570-064-259 (IP/ from overseas) TEL 06-4703-2050 |
| Kansai Airport Branch | Senshukukonaka 1, Tajiri-cho, Sennan-gun, Osaka 〒549-0011 | TEL 072-455-1453 (main number) |
| Kobe Branch | 29 Kaigan-dori, Chuo-ku, Kobe-shi, Hyogo 〒650-0024 | TEL 078-391-6377 (main number) |
| Hiroshima Regional Office of Immigration and Residence Control | 2-31 Kamihatchobori, Naka-ku, Hiroshima-shi, Hiroshima 〒730-0012 | TEL 082-221-4411 (main number) |
| Takamatsu Reginal Office of Immigration and Residence Control | 1-1 Marunouchi, Takamatsu-shi, Kagawa 〒760-0033 | TEL 087-822-5852 (main number) |
| Takamatsu Regional Immigration Services Bureau Hamanocho Branch Office | 72-9 Hamanocho, Takamatsu-shi, Kagawa 760-0011 | TEL 087-822-5851 (main number) |
| Fukuoka Regional Office of Immigration and Residence Control | 3-5-25 Maizuru, Chuo-ku, Fukuoka-shi, Fukuoka 〒810-0073 | TEL 092-717-5420 (main number) |
| Naha Branch | 1-15-15 Higawa, Naha-shi, Okinawa 〒900-0022 | TEL 098-832-4185 (main number) |
| Higashi Nihon Immigration Center | 1766-1 Kuno-cho, Ushiku-shi, Ibaraki 〒300-1288 | TEL 029-875-1291 (main number) |
| Omura Immigration Center | 644-3 Kogashima-machi, Omura-shi, Nagasaki 〒856-0817 | TEL 0957-52-2121 (main number) |

### Foreign Resident Support Center

| | | |
|---|---|---|
| Foreign Resident Support Center | 13F Yotsuya Tower 1-6-1 Yotsuya Shinjyuku-ku Tokyo 〒160-0004 | TEL 0570-011-000 (IP/from overseas 03-5363-3013) |

### Information Center

| | | |
|---|---|---|
| Foreign Resident General Information Center | Itinatag sa Regional Office of Immigration and Residence Controls in Sendai, Tokyo, Yokohama(branch), Nagoya, Osaka, Kobe(branch), Hiroshima, and Fukuoka | TEL 0570-013904 (IP, PHS, from overseas 03-5796-7112) |
| Opisina ng consultant | Nakadestino sa Sapporo, Takamatsu, and Fukuoka | |

# 7 Paghahatid ng impormasyon mula sa Immigration Service Agency

## 7-1 Opisyal na Website ng Immigration Service Agency

Sa opisyal na website ng Immigration Service Agency, nagbibigay ng impormasyon tulad ng mga proseso ng paninirahan atbp. Bilang karagdagan sa Japanese, nagbibigay kami ng impormasyong isinalin sa makina sa mahigit 100 wika.

Opisyal na Website ng Immigration Service Agency

https://www.moj.go.jp/isa/index.html

## 7-2 Opisyal na SNS at iba pa ng Immigration Service Agency

Sa Immigration Service Agency, binuksan ang iba't ibang SNS at iba pa upang maghatid ng impormasyon tungkol sa bagong sistema, impormasyong nakakatulong sa pamumuhay ng mga dayuhang residente at iba pa.

Account ng Immigration Services Agency X (dating Twitter)

https://twitter.com/MOJ_IMMI

Facebook account ng Immigration Service Agency

https://www.facebook.com/ImmigrationServicesAgency.MOJ/

Serbisyo ng paghahatid ng mail

https://www.moj.go.jp/isa/about/pr/mail-service.html

Ang mga Regional Immigration Services Bureau X account (dating Twitter) ay nagbibigay ng impormasyon kung gaano kaabala ang kanilang mga service counter.

**Mga account sa Regional Immigration Services Bureau:**

https://www.moj.go.jp/isa/about/pr/index.html